

ARALIN 16

1. Para saan nabuhay si Cain at ang kanyang mga inapo?

-Nabuhay lamang sila para sa kasiyahan, pera, at materyal na ari-arian.

2. Dahil pinatay ni Cain si Abel, napigilan ba ni Satanas ang Diyos na gawin ang ipinasiya ng Diyos na gawin?

-Hindi.

-Walang makakapigil sa Diyos na gawin ang Kanyang ipinasiyang gawin.

3. Dahil pinatay ni Cain si Abel, nakalimutan ba ng Diyos ang Kanyang pangako na ipadala ang Tagapagligtas?

-Hindi.

-Hindi nakakalimutan ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

4. Bakit binigyan ng Diyos sina Adan at Eba ng isa pang anak na lalaki na tinawag si Set?

-Dahil pinatay ni Cain si Abel, nagpasya ang Diyos na ipadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng lahi ni Set.

5. Bakit namatay sina Adan at Eba?

-Dahil sina Adan at Eba ay sumuway sa Diyos, at nakinig kay Satanas.

6. Bakit lahat ng tao ay namamatay?

-Dahil sa ating kasalanan.

7. Ano ang kaparusahan ng Diyos sa kasalanan?

-Kamatayan.

8. Ano ang alam ni Enoc tungkol sa kaniyang sarili?

-Alam ni Enoc na siya ay ipinanganak na anak nina Adan at Eba.

-Alam ni Enoc na siya ay isinilang sa labas ng Hardin ng Eden.

-Alam ni Enoc na siya ay isinilang sa kasalanan.

-Alam ni Enoc na siya ay isinilang sa kamatayan.

9. Ano ang alam ni Enoc tungkol sa Diyos?

-Alam ni Enoc na ang Diyos ay banal.

-Alam ni Enoc na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Alam ni Enoc na ang Diyos lamang ang makapagligligtas sa kanya.

-Naniniwala si Enoc na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula kay Satanas.

10. Anong kakaibang nangyari kay Enoc?

-Kinuha ng Diyos si Enoc tungo sa langit upang makasama ang Diyos.

11. Ano ang langit?

-Ang langit ay isang magandang lugar kung saan walang kalungkutan o pagluha, walang sakit o kamatayan.

12. Bakit dinala ng Diyos si Enoc sa langit?

-Dahil si Enoc ay sumunod sa Diyos.

-Dahil si Enoc ay lumapit sa Diyos sa daan ng Diyos nang nag-iisa.

-Matapos dalhin ng Diyos si Enoc sa langit, maraming taon pa ang lumipas, at marami pang tao ang isinilang sa lupa.

-Habang ang mga inapo nina Set at Enoc ay nagpatuloy na sundin ang Diyos, karamihan sa ibang tao ay nakinig lamang kay Satanas.

Basahin natin ang Genesis 6:1-2

1-Nagsimulang dumami ang mga tao sa balat ng lupa at nagkaanak sila ng mga babae.

2-Nakita ng mga anak ng Diyos na magaganda ang mga anak na babae ng mga tao. At sila'y kumuha ng kani-kanilang mga asawa mula sa lahat ng kanilang pinili.

-Sino ang mga anak ng Diyos?

-Sila ang mga anak ng linya ni Set.

-Sila ang mga lalaking naniniwala sa Diyos.

-Sino ang mga anak na babae ng mga tao?

-Sila ang mga anak na babae ng linya ni Cain.

-Sila ang mga babaeng hindi naniniwala sa Diyos.

-Ano ang ginawa ng mga anak na lalaki ng angkan ni Set sa mga anak na babae ng linya ni Cain?

-Ang mga anak na lalaki ng angkan ni Set ay nagsimulang magpakasal sa mga anak na babae ng linya ni Cain.

-Ang mga lalaking naniniwala sa Diyos ay nagsimulang magpakasal sa mga babae na hindi naniniwala sa Diyos.

-Ano ang nangyari nang ang mga anak na lalaki ng lahi ni Set ay nagsimulang magpakasal sa mga anak na babae ng lahi ni Cain?

-Dumami nang dumami ang ayaw nang makinig sa Diyos.

-Dumami nang dumami ang nakikinig lamang kay Satanas.

-Dumami nang dumami ang hindi sumunod sa daan ng Diyos.

-Dumami nang dumami ang mga tao na sumunod lamang sa kanilang sariling paraan.

-Sa tingin mo bang natuwa ang Diyos na dumami nang dumami ang mga taong ayaw makinig sa Kanya?

Basahin natin ang Genesis 6:3

3-At sinabi ng Panginoon, “Ang aking Espiritu ay hindi laging mananatili sa tao, sapagkat siya'y laman. Subalit ang kanyang mga araw ay magiging isandaan at dalawampung taon.”

-Hindi natuwa ang Diyos na dumami nang dumami ang mga taong ayaw makinig sa Kanya.

-Bakit gusto ng Diyos na makinig ang mga tao sa Kanya?

-Upang hindi masira ang mga tao.

-Samakatuwid, sinabi ng Diyos na magsasalita Siya sa mga tao sa loob lamang ng 120 taon.

-Kung tatanggi pa rin ang mga tao sa pagsunod sa daan ng Diyos, ano gagawin ng Diyos?

-Parurusahan sila ng Diyos ng kamatayan.

-Paano nakikipag-usap ang Diyos sa mga tao?

-Nangungusap ang Diyos Espiritu Santo sa mga tao sa kanilang isipan.

-Ano ang sinasabi ng Diyos Espiritu Santo sa mga tao?

-Sinabi ng Diyos Espiritu Santo sa mga tao na makinig sa Diyos, at hindi kay Satanas.

-Sinasabi rin ng Diyos Espiritu Santo sa mga tao na sundin ang kaparaanan ng Diyos, at hindi sumunod sa sarili nilang kaparaanan.

-Nangungusap din ba si Satanas sa mga tao sa kanilang isipan?
-Oo.

-Ano ang sinasabi ni Satanas sa mga tao?

-Sinabi ni Satanas sa mga tao na huwag makinig sa Diyos.

-Bakit ayaw ni Satanas na makinig ang mga tao sa Diyos?

-Ayaw ni Satanas na makinig ang mga tao sa Diyos upang sila ay masira.

-Kung ayaw mong makinig sa Diyos na nagsasalita sa iyo sa iyong isip, parurusahan ka ng Diyos.

-Hindi ba mas mabuting makinig sa Diyos kaysa kay Satanas?

-Kahit na ang Diyos Banal na Espiritu Santo ay nagsasalita sa mga tao, nakinig ba ang mga tao sa Diyos?

Basahin natin ang Genesis 6:11

11-At naging masama ang daigdig sa harapan ng Diyos at ang lupa ay napuno ng karahasan.

-Kahit na ang Diyos Banal na Espiritu Santo ay nagsasalita sa mga tao, karamihan sa mga tao ay tumangging makinig sa Diyos.

-At ang lupa ay napuno ng kanilang karahasan.

-Ano ang ugali ng mga tao noong panahon ni Noe?

-Sila ay makasarili.
-Sila ay sakim.

-Sila ay nainggit sa ibang tao.
-Sila ay nanloko ng ibang tao.

-Sila ay nagsinungaling sa ibang tao.
-Sila ay nagsalita ng masama tungkol sa ibang tao.

-Kinasusuklaman nila sa ibang tao.

-Sila ay masama.
-Sila ay marahas.

-Sila ay nakipag-away sa ibang tao.
-Sila ay nakapatay ng maraming tao.

-Hindi nila gusto ang landas ng Diyos.

-Nais lamang nila ang kanilang sariling landas.

-Ang mga tao ba ngayon ay katulad ng mga tao noong panahon ni Noe?

-Oo.

-Ang mga tao ba ngayon ay makasarili at sakim?

-Oo.

-Ang mga tao ba ngayon ay nagsisinungaling sa ibang tao at nagsasalita ng masama tungkol sa kanila?

-Oo.

-Ang mga tao ba ngayon ay nakikipag-away sa ibang tao at pinapatay sila?

-Oo.

-Nais lamang ba ng mga tao ngayon ang kanilang sariling landas at hindi ang landas ng Diyos?

-Oo.

-Ang mga taong iyon ay ipinanganak na makasalanang dahil sila ang mga inapo nina Adan at Eba.

-Ang mga tao ngayon ay ipinanganak din na makasalanang dahil sila ang mga inapo nina Adan at Eba.

-Lahat ng tao ay ipinanganak na makasalanang dahil tayo ang mga inapo nina Adan at Eba.

-Nakita ba ng Diyos ang mga kasalanan ng mga tao?

Basahin natin ang Genesis 6:5 & 12

5-Nakita ng Panginoon na napakasama na ng tao sa lupa, at ang bawat haka ng mga pag-iisip ng kanyang puso ay palagi na lamang masama.

12- Nakita ng Diyos na ang daigdig ay naging masama sapagkat pinasama ng lahat ng tao ang kanilang gawa sa lupa.

-Oo, nakita ng Diyos ang lahat ng kanilang mga kasalanan.

-Nakikita ng Diyos ang bawat kasalanan.

-Walang sinuman ang maaaring makapagtago ng anumang kasalanan mula sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay nasa lahat ng dako.

-Nakikita ng Diyos ang lahat ng kasalanan, at pinarurusahan ang lahat ng kasalanan.

-Nakikita ng Diyos ang lahat ng kasalanan, at pinarurusahan ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Ano ang naisip ng Diyos nang makita Niya ang lahat ng kasalanan ng mga tao?

Basahin natin ang Genesis 6:6-7

6-Nalungkot ang Panginoon na kanyang nilalang ang tao sa lupa at nalumbay ang kanyang puso.

7-Kaya't sinabi ng Panginoon, "Lilipulin ko ang tao na aking nilalang sa ibabaw ng lupa—ang tao, hayop, ang mga gumagapang, at ang mga ibon sa himpapawid, sapagkat ako'y nalulungkot na nilalang ko sila."

-Nalungkot ang Diyos dahil sa lahat ng kasalanan ng mga tao.

-Dahil ang mundo ay puno ng kasalanan ng mga tao, ano ang ipinasiya ng Diyos na gawin?

-Nagpasya ang Diyos na sirain ang lahat ng tao sa lupa.

-Dahil ang mundo ay puno ng kasalanan ng mga tao, nagpasya ang Diyos na sirain ang lahat ng nabubuhay na nilalang sa lupa.

-Sa palagay mo ba ay nagsasalita lamang ang Diyos?

-O sa palagay mo ba ay gagawin ng Diyos ang Kanyang sinabi na gagawin Niya?

-Sinabi ng Diyos kina Adan at Eba na sila ay mamamatay at magiging hiwalay sa Diyos kung kakain sila ng bunga na Kanyang ipinagbabawal.

-Ang Diyos ba ay nagsasalita lamang o ginawa ba ng Diyos ang Kanyang sinabi na Kanyang gagawin?

-Ginawa ng Diyos ang sinabi Niyang gagawin Niya.

-Sinabi ng Diyos kina Cain at Abel na dapat silang lumapit sa Diyos sa sariling paraan ng Diyos o sila ay itatakwil.

-Ang Diyos ba ay nagsasalita lamang o ginawa ba ng Diyos ang Kanyang sinabi na Kanyang gagawin?

-Ginawa ng Diyos ang sinabi Niyang gagawin Niya.

-Ang Diyos ay hindi katulad ng mga tao.

-Sinasabi ng mga tao na may gagawin sila, ngunit hindi nila ginagawa ito.

-Ang Diyos, gayunpaman, ay hindi katulad ng mga tao.

-Laging ginagawa ng Diyos ang sinasabi Niyang gagawin Niya.

-Dahil sa pag-ibig at awa ng Diyos, may isang tao na Hindi sisirain ng Diyos.

Basahin natin ang Genesis 6:8-10

8-Subalit si Noe ay nakatagpo ng biyaya sa paningin ng Panginoon.

9-Ito ang mga lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking matuwid at walang kapintasan noong kapanahunan niya. Si Noe ay lumakad na kasama ng Diyos.

10 Nagkaanak si Noe ng tatlong lalaki: sina Sem, Ham, at Jafet.

-Bakit nagpasiya ang Diyos na huwag lipulin si Noe?

-Dahil ba hindi nagkasala si Noe?
-Hindi.

-Si Noe ay ipinanganak na makasalanan tulad ng lahat ng tao.

-Si Noe ay ipinanganak na alipin ni Satanas tulad ng lahat ng tao.

-Bakit nagpasiya ang Diyos na huwag lipulin si Noe?

-Dahil hindi nakinig si Noe kay Satanas.

- Dahil nakinig si Noe sa Diyos.
- Dahil hindi sinunod ni Noe ang kanyang sariling kaparaanan.
- Dahil si Noe ay sumunod lamang sa kaparaanan ng Diyos.
- Dahil naghihintay si Noe sa Tagapagligtas.
- Bakit nagpasya ang Diyos na iligtas si Noe?
- Dahil alam ni Noe na siya ay isinilang sa kasalanan.
- Dahil alam ni Noe na nagkasala siya sa Diyos.
- Dahil alam ni Noe na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.
- Dahil alam ni Noe na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.
- Dahil alam ni Noe na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas siya mula sa kanyang mga kasalanan.
- Dahil sa habag ng Diyos, nagpasya ang Diyos na huwag lipulin si Noe.
- Ano ang habag?
- Narito ang isang paglalarawan:
- Maraming beses na nagnakaw ang isang magnanakaw sa kanyang kapwa.

- Isang araw, ang magnanakaw ay nahuli sa isang baha na ilog.
- Muntik nang malunod sa ilog ang magnanakaw.
- Ngunit nakita siya ng kanyang kapitbahay, hinila siya mula sa ilog, at iniligtas siya.
- Kahit maraming beses na nagnakaw ang magnanakaw, ang kapitbahay ay iniligtas siya.
- Kahit na ang magnanakaw ay nararapat na malunod, ang kapitbahay ay iniligtas siya.
- Ito ay habag.
- Ganito tayo ililigtas ng Diyos kung tayo ay maniniwala lamang sa Kanya.
- Dahil naniwala si Noe sa Diyos, at nagpasya ang Diyos na iligtas si Noe, binigyan ng Diyos si Noe ng utos.

Basahin natin ang Genesis 6:13-14

13-At sinabi ng Diyos kay Noe, “Ipinasiya ko nang wakasan ang lahat ng laman sapagkat ang lupa ay napuno ng karahasan nila. Ngayon, sila ay aking lilipuling kasama ng lupa.

14-Gumawa ka ng isang daong na yari sa kahoy na gofer. Gumawa ka ng mga silid sa daong at pahiran mo ito ng alkitran sa loob at labas.”

- Ano ang iniutos ng Diyos kay Noe na gawin?

-Inutusan ng Diyos si Noe na gumawa ng arka.

-Bakit inutusan ng Diyos si Noe na gumawa ng arka?

-Dahil ang Diyos ay magpapadala ng baha upang sirain ang lahat ng nabubuhay sa lupa.

-Nagbigay ang Diyos ng maraming utos kay Noe tungkol sa kung paano itayo ang arka.

Basahin natin ang Genesis 6:15-21

15-[Sinabi ng Diyos kay Noah] “Gagawin mo ito sa ganitong paraan: Ang haba ng sasakyan ay tatlong daang siko, ang luwang ay limampung siko, at ang taas ay tatlumpung siko.

16-Gagawa ka ng isang bintana sa sasakyan at tapusin mo ito ng isang siko sa dakong itaas. Ilalagay mo ang pintuan ng sasakyan sa kanyang tagiliran. Gagawin mo ito na may una, ikalawa at ikatlong palapag.

17-Ako’y magpapadagsa ng baha ng tubig sa ibabaw ng lupa upang lipulin ang lahat ng laman na may hininga ng buhay sa ilalim ng langit. Ang lahat na nasa lupa ay mamamatay.

18-Ngunit itatatag ko ang aking tipan sa iyo. Ikaw ay sasakay sa daong, ikaw, ang iyong mga anak na lalaki, ang iyong asawa, at ang mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo.

19-At sa bawat nabubuhay sa lahat ng laman at magsasakay ka sa loob ng daong ng dalawa sa bawat uri upang maingatan silang buháy na kasama mo. Dapat ay lalaki at babae ang mga ito.

20-Sa mga ibon ayon sa kanilang uri, sa mga hayop ayon sa kanilang uri, sa bawat gumagapang sa lupa ayon sa kanilang uri, dalawa sa bawat uri ang isasama mo upang ang mga iyon ay manatiling buháy.

21-At magbaon ka ng lahat na pagkain at imbakin mo, at magiging pagkain para sa inyo at para sa kanila.”

-Inutusan ng Diyos si Noe na gawin ang arka sa eksaktong haba.

-Inutusan ng Diyos si Noe na gawin ang arka sa eksaktong lapad.

-Inutusan ng Diyos si Noe na gawin ang arka sa eksaktong taas.

-Gusto ba ng Diyos na gawin ni Noe ang arka ayon sa kaparaanan ni Noe?

-Hindi.

-Hindi ninais ng Diyos na gawin ni Noe ang arka ayon sa kaparaanan ni Noe.

-Paano ninais ng Diyos na gawin ni Noe ang arka?

-Eksakto sa iniutos ng Diyos.

-Nais ng Diyos na gawin ni Noe ang arka nang eksakto tulad ng inutos Niya.

-Nais ng Diyos na gawin ni Noe ang arka ayon sa kaparaanan lamang ng Diyos.

-Ang mga damit nina Adan at Eba ay kinailangang gawin ayon sa kaparaanan lamang ng Diyos.

-Ang sakripisyo nina Cain at Abel ay kailangang gawin ayon sa kaparaanan lamang ng Diyos.

-Ang arka ni Noe ay kailangan ding gawin ayon sa kaparaanan lamang ng Diyos.

-Ilang arka ang inutos ng Diyos na gawin ni Noe?

-Isa lamang.

-Isa lamang ang arka kung saan maliligtas si Noe.

-Wala nang ibang arka kung saan maliligtas si Noe.

-Ilang pinto ang iniutos ng Diyos kay Noe na ilagay sa arka?

-Isa lamang.

-Mayroon lamang isang pinto kung saan papasok si Noah at maliligtas.

-Wala nang ibang pinto kung saan papasok si Noe at maliligtas.

-Sa palagay mo ba ay sinunod ni Noe ang Diyos?

Basahin natin ang Genesis 6:22

22-Gayon ang ginawa ni Noe; ginawa niya ang ayon sa lahat ng iniutos sa kanya ng Diyos.

-Naniwala si Noe sa Diyos.

-Naniniwala si Noe na hindi nagsisinungaling ang Diyos.

-Naniniwala si Noe na ang Diyos ay magpapadala ng baha tulad ng sinabi ng Diyos.

-Samakatuwid, ginawa ni Noe ang arka tulad ng sinabi ng Diyos.

-Kahit na hindi pa nakakita ng ulan si Noe, ano ang pinaniwalaan ni Noe?

-Na ang Diyos ay magpapadala ng baha.

-Kahit na walang sinuman sa lupa ang nakakita ng ulan noon, ano ang pinaniwalaan ni Noe?

-Na ang Diyos ay magpapadala ng baha.

-Ano ang ginawa ni Noe habang ginagawa niya ang arka?

-Habang si Noe ay gumagawa ng arka, sinabi niya sa mga tao na makinig sa Diyos.

-Habang si Noe ay gumagawa ng arka, sinabi niya sa mga tao na maniwala sa Diyos.

-Habang si Noe ay gumagawa ng arka, sinabi niya sa mga tao na ang Diyos ay magpapadala ng baha upang lipunin ang lupa.

-Tulad ng sinasabi ko sa iyo tungkol sa Diyos, sinabi rin ni Noe sa mga tao ang tungkol sa Diyos.

-Sa palagay mo ba nakinig ang mga tao kay Noe?

-Aalamin natin sa susunod na aralin.